Kagawaran ng Katarungan ng U.S.
Dibisyon sa mga Karapatang Sibil

Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil

Hunyo 2023

Pagprotekta sa Pag-access sa Edukasyon para sa mga Nandarayuhang Bata

Sanggunian para sa mga Pamilya at Edukador

Maraming bata sa Estados Unidos ang laging palipat-lipat o may mga magulang o tagapag-alaga na laging palipat-lipat, kabilang ang ilang bata na, o na bahagi ng mga pamilyang may, mga nandarayuhang manggagawa sa agrikultura, nandarayuhang mangingisda, at manggagawa sa mga pana-panahong industriya o posisyon.[1] Regular na nagpapalipat-lipat ang mga nandarayuhang bata mula sa isang tirahan at distrito ng paaralan patungo sa isa pa, at ang kanilang pagpapalipat-lipat ay madalas na nakakaapekto sa kanilang pag-access sa edukasyon. Ang ilan sa mga nandarayuhang bata na walang legal na katayuang pang-imigrasyon sa Estados Unidos o mga English Learner (Mag-aaral ng Ingles) ay maaaring maharap sa mga karagdagang hadlang sa pakikibahagi sa paaralan.

Tinatampok sa fact sheet na ito ang partikular na hamon sa pag-access sa edukasyon na kinakaharap ng mga nandarayuhang bata, ipinapaliwanag sa mga pamilya kung saan sila makakapunta para humingi ng tulong, at nilalayong tulungan ang mga pampublikong paaralan na maunawaan ang kanilang mga responsibilidad na paglingkuran ang mga batang ito sa ilalim ng mga Federal na batas sa mga karapatang sibil.[2]

Narito ang kailangan ninyong malaman:

1. Kailangang maging bukas ang mga pampublikong paaralang K-12 sa lahat ng estudyante, kabilang na ang mga nandarayuhang bata, anuman ang katayuang pang-imigrasyon nila o ng kanilang mga magulang.[3] Gayon din, pinagbabawalan ng Title VI (Titulo VI) ng Civil Rights Act of 1964 (Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964) ang mga pampublikong paaralan na magdiskrimina batay sa lahi, kulay ng balat, o bansang pinagmulan.[4]

2. Kailangang maghandog ang mga pampublikong paaralan ng mga serbisyong tulong sa wika sa mga estudyante ng K-12 na may limitadong kaalaman sa Ingles, kabilang ang mga nandarayuhang bata. Kailangang tukuyin ng mga paaralan ang mga batang ito bilang mga English Learner nang sa gayon ay matatanggap nila ang mga serbisyong magbibigay-daan sa kanilang makibahagi nang may kabuluhan sa mga programang pang-edukasyon ng paaralan.

3. Kailangang gawing maa-access ng mga pampublikong paaralan ang impormasyon tungkol sa pagpapatala, mga klase, at iba pang mga programa at aktibidad na pang-edukasyon sa mga magulang at tagapag-alagang may limitadong kaalaman sa Ingles. Maisasakatuparan ito ng mga paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay ng wastong nakasulat na pagsasalin o pasalitang interpretasyon.

Kagawaran ng Katarungan ng U.S.
Dibisyon sa mga Karapatang Sibil

Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil

Ito ang mga halimbawa ng mga hadlang na maaaring pumigil sa mga nandarayuhang bata sa magpatala at makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon na nararapat nilang matanggap.

Maaaring Maharap ang mga Nandarayuhang Bata sa mga Hadlang sa Pagpapatala Kapag:

- Pinagbabawalan ng mga paaralan ang mga estudyante, kabilang ang mga nandarayuhang bata na maglakbay nang pana-panahon o lumipat nang maraming beses sa pagdaang ng taon, mula sa pagpapatala pagkatapos magsimula ng taon ng pasukan.
- Hinihiling ng mga paaralan sa mga bagong estudyante na ibigay ang mga Social Security Number (Numero para sa Seguridad na Panlipunan) o sertipiko ng kapanganakan sa U.S. bilang kondisyon sa pagpapatala.
- Ang mga batang nakatira sa mga lokasyong tulad ng pansamantalang pabahay para sa manggagawa na nasa loob ng mga pangheograpiyang hangganan ng distrito ng paaralan, ay nahaharap sa mga patakaran hinggil sa katibayan ng paninirahan na pumipigil sa kanilang pagpapatala.
- Maaaring subukan ng mga estudyanteng i-access ang mga espesyal na pang-akademikong programa o inihahandog (*hal.*, edukasyon ng gifted at talentado) ngunit napipigilan o hindi nahihikayat na mag-apply sa mga iyon o iba pang mga programang naaangkop sa baitang dahil sila ay mga English Learner o dahil nagambala nila ang pormal na pag-aaral dahil sa pagpapalipat-lipat na nauugnay sa trabaho.

Sa Oras na Magpatala, Maaaring Patuloy na Maharap ang mga Nandarayuhang Bata sa mga Hadlang sa Makabuluhang Pakikibahagi Kapag:

- Ang mga paaralan na regular na nagsasagawa ng mga pagtatasa sa kaalaman sa wikang Ingles sa simula ng taon ng pasukan ay hindi ito nagagawa para sa mga nandarayuhang batang dumarating sa kalagitnaan o katapusan ng taon.
- Ang mga magulang, tagapag-alaga, o isponsor na may limitadong kaalaman sa Ingles ay hindi nakakatanggap ng mga serbisyong tulong sa wika na kailangan upang makibahagi sa mga desisyon tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak.
- Maaaring italaga ng mga paaralan sa magkakaparehong paraan ang mga batang nararapat sa mga serbisyong tulong sa wika sa mga remedial na klase (*hal*., remedial na matematika) nang walang naaangkop na konsiderasyon sa mga rekord ng estudyante sa nakaraang pagpapatala o mga nakumpletong kurso.
- Mali ang pagpapalagay ng mga kawani ng paaralan na ang mga nandarayuhang pamilyang nagsasalita ng mga katutubong wika ay nagsasalita rin ng Espanyol dahil sa bansang kanilang pinagmulan.
- Ang mga nandarayuhang bata na nararapat sa *parehong* serbisyong tulong sa wika at serbisyo sa espesyal na edukasyon ay tinatanggihan ng mga serbisyo o suporta na kailangan nila, o sinasabihang kailangan nilang unahin ang isang pangkat ng mga serbisyo ng pagtuturo kaysa sa isa.

Kagawaran ng Katarungan ng U.S.
Dibisyon sa mga Karapatang Sibil

Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil

Paano Kung Nakakaranas ang Nandarayuhang Bata ng Diskriminasyong Batay sa Bansang Pinagmulan, Katayuang Pang-imigrasyon, o Katayuang English Learner sa Pagpapatala o Pakikibahagi sa Pampublikong Paaralan?

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Civil Rights Division (CRT, Dibisyon sa mga Karapatang Sibil) ng U.S. Department of Justice (Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) o sa Office for Civil Rights (OCR, Tanggapan ng mga Karapatang Sibil) ng U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.) kung:

- Naniniwala kayo na pinipigilan o sinusubukang pigilan ng distrito ng paaralan ang nandarayuhang bata na magpatala sa paaralan o ma-access ang mga programa o serbisyo sa pag-aaral dahil sa bansang pinagmulan o katayuang pang-imigrasyon.

- Naniniwala kayo na hindi nagbibigay ang distrito ng paaralan sa nandarayuhang bata na isang English Learner ng mga serbisyo sa wika na kailangan nila upang makibahagi nang may kabuluhan sa mga programang pang-edukasyon.

Kung nakipag-ugnayan kayo sa paaralan at hindi ito gumawa ng mga hakbang upang matugunan ang inyong mga pag-aalala o hindi kayo kumportableng ipahayag ang inyong mga pag-aalala sa paaralan, maaari kayong magsampa ng reklamo (makukuha sa maraming wika) sa CRT sa civilrights.justice.gov, o sa OCR sa ocrcas.ed.gov (para sa tulong sa wika, tumawag sa 1-800-USA-LEARN (1-800-872-5327) (TTY: 1-800-877-8339) o mag-email sa Ed.Language.Assistance@ed.gov).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang mga sangguniang ito:

- Liham para sa Katrabaho: School Enrollment Procedures (Mga Pamamaraan ng Pagpapatala sa Paaralan) (Mayo 2014)
- Fact Sheet: Information on the Rights of All Children to Enroll in School (Impormasyon Hinggil sa mga Karapatan ng Lahat ng Batang Magpatala sa Paaralan) (Mayo 2014)
- Liham para sa Katrabaho: English Learner Students and Limited English Proficient Parents (Mga Estudyanteng Mag-aaral ng Ingles at mga Magulang na may Limitadong Kaalaman sa Ingles) (Enero 2015)
- Fact Sheet: Ensuring English Learners Can Participate Meaningfully and Equally in Educational Programs (Pagtitiyak na ang mga Mag-aaral ng Ingles ay Makakasali nang May Kabuluhan at Pagkakapantay-pantay sa mga Programang Pang-edukasyon) (Enero 2015)
- Fact Sheet: Confronting Discrimination Based on National Origin and Immigration Status (Pagkumpronta sa Diskriminasyong Nakabatay sa Bansang Pinagmulan at Katayuang Pang-imigrasyon) (Agosto 2021)
- Fact Sheet: Protecting Access to Education for Unaccompanied Children (Pagprotekta sa Pag-access sa Edukasyon para sa mga Hindi Sinasamahang Bata) (June 2023)

[1] Ginagamit ng fact sheet na ito ang terminong "mga nandarayuhang bata" sa karaniwang paggamit nito, upang isama ang mga batang laging palipat-lipat o may mga magulang o tagapag-alagang laging palipat-lipat . Hindi umaasa ang termino sa depinisyon ng "mga nandarayuhang bata" na matatagpuan sa 20 U.S.C. § 6399(3) (inilalarawan ang “mga nandarayuhang bata” para sa mga layunin ng mga programang pang-edukasyon na pinangangasiwaan ng Office of Migrant Education (Tanggapan ng Edukasyon ng Migrante) ng U.S. Department of Education).

[2] Halimbawa, ipinatutupad ng mga Kagawaran ng Edukasyon at Katarungan ng U.S. ang Title VI ng Civil Rights Act of 1964, na nagbabawal ng diskriminasyon ng mga tumatanggap ng pinansyal na tulong ng Pederal na pamahalaan batay sa lahi, kulay ng balat, o bansang pinagmulan. 42 U.S.C. § 2000d. Sa ilalim ng Title IV ng Civil Rights Act of 1964, Tinutugunan ng Kagawaran ng Katarungan ang mga paglabag sa pantay na proteksyon batay sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, o bansang pinagmulan sa mga paaralang elementarya at sekundarya at mga institusyon ng mas mataas na edukasyon. 42 U.S.C. § 2000c-6. Ipinatutupad din ng Department of Justice ang Equal Educational Opportunities Act of 1974 (Batas sa mga Pantay na Oportunidad sa Edukasyon ng 1974), na nag-aatas sa mga ahensyang pang-edukasyon ng estado at distrito ng paaralan na gumawa ng naaangkop na aksyon upang malampasan ang mga hadlang sa wika na pumipigil sa mga estudyanteng English Learner na pantay na makibahagi sa mga programang pang-edukasyon ng estado at distrito. 20 U.S.C. §§ 1701-1758.

[3] *Tingnan ang*, *Plyler v. Doe*, 457 U.S. 202 (1982).

[4] *Tingnan ang supra* tala 2; *tingnan din ang Lau v. Nichols*, 414 U.S. 563, 568 (1974).